

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-2 ng Setyembre 2019

# IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

## May katamtamang pag-unlad ang mga kundisyon ng negosyo sa buwan ng Agosto

### Key findings

Bumagsak sa pinakamababang naitala ang bagong order sa loob ng 13 buwan...

... ngunit tumaas ang pagdami ng trabaho sa pinakamabilis na rate sa loob ng halos dalawang taon

Patuloy ang pagtaas ng produksyon at pagbili ng input

Umunlad sa katamtamang rate ang mga kundisyon ng pagpapatakbo sa mga negosyong gumagawa ng produkto sa Pilipinas sa buwan ng Agosto. Nagtaas ng produksyon ang mga kumpanya ngunit katamtaman lang, habang bumaba ang bagong order mula sa mga antas noong buwan ng Hulyo. Dumami ang trabaho, nasulit ang mga supply chain sa kabila ng masasamang lagay ng panahon. Nanatili pa ring mababa ang presyo ng input at output.

Nagtala ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ng 51.9 sa buwan ng Agosto, na nagpapahiwatig ng katamtamang paglago sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Bahagyang bumaba ang naitalang headline mula 52.1 sa buwan ng Hulyo, ngunit isa pa rin ito sa pinakamataas na naitala ngayong taon hanggang sa kasalukuyan.

Batay sa pinakabagong datos, may bahagyang pagbaba ng pressure sa paglago ng produksyon sa buong buwan. Tumaas ang output, ngunit katamtaman lang ito at ito ang pinakamabagal na naitala sa loob ng apat na buwan. Pangkalahatan itong iniugnay ng mga panellist sa humihinang antas ng bagong order.


Sa katunayan, pinakamababa ang pagtaas ng mga bagong negosyo sa loob ng 13 buwan. Bagama't nanatiling matatag ang benta sa pangkalahatan, may ilang kumpanyang naapektuhan ng tag-ulan pati ng paghina ng demand mula sa mga banyagang kliyente.

Nagdulot din ang masasamang lagay ng panahon ng bahagyang paghina sa performance ng vendor, na unang naitala simula noong buwan ng Marso. Sa kabila nito, nagawa pa ring pataasin ng mga nagmamanupaktura ang kanilang mga input stock sa loob ng pang-apat na kasunod na buwan, at sa mas mataas na rate kaysa noong Hulyo. Patuloy ang matinding pagdami ng mga pagbili.

Kumpara sa nakaraang buwan, hindi nagbago sa pangkalahatan ang mga holding ng mga natapos na item sa buwan ng Agosto. Nag-ulat ng maliit na pangangailangan ang mga kumpanya na itaas ang mga imbentaryo kasunod ng mas mabagal na pag-unlad sa mga bagong order.

Sa kabilang banda, mayroong mas malaking pangangailangan sa paggawa sa buong buwan, na nakita sa pagbilis ng pagkuha ng *ipinagpatuloy...*

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Ipinakita ng mga pinakabagong datos ng PMI na malaki ang pagkakarapareho ng paglago sa sektor ng manufacturing sa Pilipinas sa buwan ng Hulyo at Agosto. Bagama't mababa ang paglago ng benta mula sa nakaraang buwan, nangangahulugan naman ang mas malaking gawain ng pagkuha ng tauhan na bahagya lang ang pagbaba ng naitalang headline sa 51.9 (mula 52.1).

"Binanggit ng ilang kumpanya ang pagbaba sa demand ng customer dahil sa tag-ulan sa buwan ng Agosto. Nagdulot din ito ng bahagyang paghina sa husay ng supply chain habang bahagyang tumaas ang mga lead time. Sa kabila nito, nagawa pa ring itaas ng mga kumpanya ang mga antas ng stock."

"Isang babala mula sa datos ang panibagong katamtamang pagbaba sa demand sa iniluluwas na produkto. Bumaba na ang mga bagong order mula sa ibang bansa sa sampu sa huling 12 buwan, habang nananatiling mahirap ang mga kundisyon ng kalakalan sa rehiyon dahil sa US-China trade war. Sunod na umaasa ang ekonomiya sa matibay na lokal na benta upang mapigilan ang lalong paghina ng paglago."

empleyado ng mga kumpanya sa pinakamabilis na rate simula noong Nobyembre 2017. Gayunpaman, katamtaman lang ang pagtaas. Samantala, patuloy na nabawasan ng mga kumpanya ang mga backlog, bagama't isa sa pinakamahirang nakita sa serye ang pinakabagong pagkabawas. Sa katunayan, nakaranas ng pagtaas ng hindi pa tapos na trabaho ang ilang negosyo dahil sa mga problema sa pagpapadala ng makinarya at raw material.

Sa aspeto ng presyo, tumaas nang bahagya ang mga singil sa mga ibinebenta sa mga producer ng mga produkto sa buong buwan. Mas mabilis ang pagtaas kaysa noong Hulyo, ngunit mas mahina pa rin ito kaysa sa trend ng serye. Madalas itong iniuugnay ng mga kumpanyang nagtaas ng kanilang presyo sa mas matataas na presyo ng supplier.

Kung kaya, tumaas nang husto ang mga presyo ng input kaysa noong Hulyo, ngunit muling mas mahina ang rate ng inflation kumpara sa 44 na buwang kasaysayan ng serye. Ayon sa mga pahayag, mahalagang salik ang mas mataas na presyo ng raw material na nagdudulot ng mas malaking pasanang gastos.


Panghuli, nanatiling positibo sa pangkalahatan ang mga prediksiyon ng pagdami ng output sa sektor ng pagmamanupaktura, bagama't pangalawa sa pinakamahina ang antas ng positibong pananaw simula noong nagsimula ang serye. Humigit-kumulang 57% ng mga kumpanya ang umaasang maitataas ang produksyon sa susunod na taon, madalas na iniuugnay ang pag-asa sa mas mataas na kasalukuyang benta at pagbuo ng produkto. Kabaligtaran nito ang 4% ng mga respondent na nagbigay ng negatibong pagtataya ng paglago.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen  
Economist  
IHS Markit  
T: +44 2070 646 237  
[david.owen@ihsmarkit.com](mailto:david.owen@ihsmarkit.com)

Bernard Aw  
Principal Economist  
IHS Markit  
T: +65 6922 4226  
[bernard.aw@ihsmarkit.com](mailto:bernard.aw@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
T: +44-207-260-2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nireberisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Agosto 2019 ay nakolekta noong 12-22 Agosto 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.